



AHENSYA NG KALUSUGAN AT MGA SERBISYONG PANTAO NG CALIFORNIA

# GABAY SA PUBLIC CHARGE

Setyembre 2022

**PAGBABAGO: Ang Pederal na Pamahalaan ay naglabas ng panghuling tuntunin sa public charge o pag-asa sa pampublikong benepisyo, na naglilimita sa aplikasyon nito at nag-aalis ng mga hadlang sa pag-akses sa mga pampublikong benepisyo para sa karamihan ng mga imigrante. Ang huling tuntunin ay magiging epektibo sa Disyembre 23, 2022.**

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng kasalukuyang impormasyon tungkol sa mga pederal na pagbabago sa pagpapasiya sa “public charge” o pag-asa sa pampublikong benepisyo at paggamit ng pampublikong benepisyo. Nililimitahan ng huling tuntunin ang mga kakayahan ng mga pederal na opisyal ng imigrasyon na isaalang-alang ang pagtanggap ng mga pampublikong benepisyo sa pagpapahintulot sa mga indibidwal na makapasok sa Estados Unidos o kapag nag-aplay sila upang maging mga permanenteng residente (kilala rin bilang may mga hawak ng green card.)

Inilathala ng pamahalaang pederal ang huling tuntunin nitong Setyembre 9, 2022. **Magkakabisa ang panghuling tuntunin sa Disyembre 23, 2022.** Pakibisita ang website ng [US Citizenship & Immigration Services \(USCIS\)](#) para sa pinakabagong impormasyon. Para sa mga tanong tungkol sa huling tuntunin na ito at tungkol sa public charge sa pangkalahatan, isang listahan ng mga non-profit na organisasyon na kwalipikadong tumulong sa mga indibidwal ay makukuha sa [California Department of Social Services website](#).

## MAAARI NANG MA-AKSES NG MGA IMIGRANTE ANG PANGANGALAGA SA KALUSUGAN, PAGKAIN AT SUPORTA SA PABAHAY, AT MARAMI PANG IBANG PAMPUBLIKONG BENEPISYO NA WALANG TAKOT SA MGA KAHIHINATNAN O EPEKTO SA IMIGRASYON.

### 1. Karamihan sa mga pampublikong benepisyo ay hindi kasama sa pagsasaalang-alang.

Ang panghuling tuntunin sa public charge ay nagpapahintulot lamang sa pederal na pamahalaan na isaalang-alang ang nauna o kasalukuyang pagtanggap ng mga sumusunod na pampublikong benepisyo sa pagsusuri ng public charge nito:

1. Supplemental na Kita sa Seguridad o Supplemental Security Income (SSI);
2. Tulong na salapi para sa pagpapanatili ng kita sa ilalim ng Pansamantalang Tulong sa mga Pamilyang Nangangailangan (Temporary Assistance for Needy Families o TANF, na tinatawag bilang CalWORKs sa California);
3. Mga programa ng benepisyo ng estado, pang-tribu, teritoryal, o lokal para sa pagpapanatili ng kita (madalas na tinatawag na “Pangkalahatang Tulong” o “General Assistance”); o
4. Pangmatagalang institusyonal na pangangalaga na gastos ng gobyerno. (halimbawa, sa isang tahanan ng skilled nursing).

### 2. Karamihan sa mga imigrante ay **HINDI** kainlanman kailangang mag-alala tungkol sa public charge.

Ang Public Charge ay hindi nalalapat sa lahat. Ang mga legal na permanenteng residente (may hawak ng green card) at marami pang ibang imigrante ay hindi sakop ng public charge. Kasama sa mga hindi sakop na grupo ng imigrante, ngunit hindi limitado sa, mga refugee, mga asylee, may hawak ng Espesyal na Imigrante na Visa, mga nag-a-apply o muling nagrerehistro para sa Pansamantalang Protektadong Katayuan (Temporary Protected Status), mga espesyal na imigranteng bata, mga T at U na hindi-imigrante (mga biktima ng pagtatrapiko ng tao at ilang iba pang krimen), mga nagpepetisyon sa sarili sa ilalim ng Batas ng Karahasan sa Kababaihan (Violence Against Women Act) gayundin ang ilang mga Cubano at

(Tagalog)

*Kailangan mo pa ng karagdagang*  
**IMPORMASYON?**



<https://immigrantguide.ca.gov>

taga-Haiti na pumapasok sa bansa. Sa ilalim ng panghuling tuntunin, ang ilang indibidwal na karapat-dapat para sa mga benepisyo ng pederal na pagpapatira ng refugee (refugee resettlement), kabilang ang ilang kamakailang mga parolado na Afghani at Ukrainian, ay sasailalim pa rin sa public charge, ngunit hindi isasaalang-alang ang mga benepisyo sa pagpapatira na natanggap nila.

### **3. HINDI isinasaalang-alang ang pampublikong benepisyo na tinatanggap o ginagamit ng mga miyembro ng pamilya.**

Sa ilalim ng huling tuntunin, kapag nirepaso ng pamahalaang pederal ang paggamit ng mga pampublikong benepisyo bilang bahagi ng pagpapasiya ng public charge, isasaalang-alang lamang nito ang mga natanggap ng taong nag-a-apply para sa pagsasaayos ng katayuan, alinman bilang direktang aplikante o nakalistang tumatanggap ng benepisyo. Nangangahulugan ito na ang iyong mga miyembro ng pamilya na nag-a-akses sa mga pampublikong programa ay hindi ituturing bilang bahagi ng pagpapasiya ng iyong public charge. Halimbawa, hindi isasaalang-alang ng pederal na pamahalaan ang tulong na pera na natanggap ng isang batang mamamayan ng Estados Unidos, kung ang magulang ay nag-a-apply ng green card sa pamamagitan ng petisyon na nakabatay sa pamilya.

### **PAG-UNAWA SA BAGONG “PUBLIC CHARGE” NA PATAKARAN.**

Sa ilalim ng matagal nang pederal na patakaran, maaaring tanggihan ng pederal na pamahalaan ang isang hindi-mamamayan na pumasok sa Estados Unidos, o isang pagsasaayos sa legal na katayuan ng permanenteng residente (isang may hawak ng green card), kung siya ay napagpasyahan na malamang na maging isang “public charge” (na ang ibig sabihin ay isang tao na pangunahing umaasa sa pamahalaan para sa ikabubuhay) batay sa kabuuan ng mga kalagayan ng indibidwal. Kasama sa pagpapasiya na ito ang ilang salik bilang karagdagan sa mga pagtanggap ng pampublikong benepisyo, tulad ng kita, edad, kalusugan, katayuan sa pamilya, edukasyon at kasanayan, katayuan sa pananalapi, mga ari-arian, at, kapag naaangkop, isang sumusuportang dokumento mula sa isang isponsor (tinutukoy bilang isang “affidavit of support”).

Nililimitahan ng panghuling tuntunin sa public charge ang mga uri ng pampublikong benepisyo na isinasaalang-alang, na nagpapagaan sa mga hadlang para sa mga imigrante na mas mababa ang kita upang makakuha ng mga green card. Dapat isaalang-alang ng DHS ang iba pang mga kadahilanan tulad ng edukasyon, kita, at isang affidavit ng suporta o pag-post ng isang bono (bond) sa pederal na pamahalaan. Samakatuwid, ang paggamit ng isang imigrante ng pangmatagalang institusyonal na pangangalaga na gastos ng gobyerno o tulong na pera para sa pagpapanatili ng kita ay hindi awtomatikong magresulta sa isang pagpapasiya na ang aplikante ay malamang na maging isang public charge.

### **Ang pangangalagang pangkalusugan, pagkain, at maraming iba pang pampublikong benepisyo ay HINDI isinasaalang-alang para sa mga layunin ng public charge.**

Nililina ng huling tuntunin na HINDI isasaalang-alang ang paggamit ng karamihan sa mga programa sa pampublikong benepisyo:

- CalFresh o SNAP
- Mga pagkain sa paaralan
- Medi-Cal o Medicaid (maliban sa kaso ng pangmatagalang institusyonal na pangangalaga (kilala rin bilang skilled nursing home care))
- Mga subsidyo ng Covered California
- Medicare
- Mga Pagbabakuna o pagsusuri/paggamot ng mga nakakahawang sakit tulad ng COVID-19
- Programa sa Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (In-Home Supportive Services Program)



- Tulong ng Pederal sa Pabahay at Seksyon 8
- Programa ng WIC sa Kababaihan, Sanggol at mga Bata (California's Women, Infant & Children's WIC Program)
- Tulong sa kalamidad, tulong sa pandemya, tulong sa yutilidad, at tulong sa pangangalaga ng bata
- Child Tax Credit (CTC) o Earned Income Tax Credit (EITC)

**HINDI binabago ng bagong patakaran ang mga tuntunin sa pagiging karapat-dapat para sa mga programa ng pampublikong benepisyo.**

Ang bagong patakaran ay hindi nagbabago kung ang mga indibidwal man ay maaaring mag-aplay at tumanggap ng mga pampublikong benepisyo. Upang matuto nang higit pa tungkol sa kung anong mga pampublikong benepisyo ang maaari mong bisitahin ang [ang iyong lokal na ahensya ng mga serbisyo](#) o pumunta sa [www.benefitscal.com](http://www.benefitscal.com)

### **BAWAT PAMILYA AY IBA, MAKIPAG-UGNAY PARA SA KWALIPIKADONG LEGAL NA PAYO.**

Mahalaga para sa mga nag-aalalang indibidwal at pamilya na malaman ang kanilang mga karapatan at bigyang kapangyarihan ang kanilang mga sarili ng tumpak na impormasyon upang maunawaan kung ang panuntunan ay nakakaapekto sa kanila o hindi. Kung mayroon kang mga katanungan, maaaring magbigay sa iyo ng payo ang isang abogado sa imigrasyon o pampublikong benepisyo batay sa mga partikular na katotohanan ng iyong indibidwal na sitwasyon. Kung ikaw o ang iba ay may mga tanong tungkol sa isang partikular na kaso, hinihikayat ka naming makipag-ugnayan sa isang kwalipikadong propesyonal para sa legal na payo.

**Ang isang listahan ng mga nonprofit na organisasyon na kwalipikadong tumulong sa mga indibidwal ay makukuha sa website ng [California Department of Social Services](#) (Kagawaran ng mga Serbisyon Panlipunan ng California).**

